


Pag-aari ng Pamahalaan
HINDI IPINAGBIBILI



10

Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikalawang Markahan – Modyul 8 Ang Layunin, Paraan, Sirkumstansya, at Kahihinatnan ng Kilos



Edukasyon sa Pagpapakatao - Ikasampung Baitang

Alternative Delivery Mode

Ikalawang Markahan- Modyul 8: Ang layunin, Paraan, Sirkumstansiya at kahihinatnan ng Kilos.

Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Marlon V. Marlon
Editor:	Jerome B. Amahoy/Arnel C. Las Marias
Tagaguhit:	Joey T. Undap
Tagapamahala:	Arturo B. Bayocot, PhD. CESO III (Regional Director)
Co-Chairpersons:	Victor G. De Gracia Jr. PhD. CESO V (<i>Asst. Regional Director</i>) Randolph B. Tortola, PhD. CESO IV (SDS-Division of Bukidnon) Shambaeh A. Usman, PhD. (ASDS-Division of Bukidnon) Mala Epra B. Magnaong, Chief ES, CLMD Neil A. Improgo, EPS-LRMS
Members:	Bienvenido U. Tagolimot, Jr., EPS-ADM Elbert R. Francisco, PhD, Chief ES, CID Nancy B. Panistante, PhD, EPS in Edukasyon sa Pagpapakatao Rejynne Mary L. Ruiz, PhD, LRMS Manager Jeny B. Timbal, PDO II Shella O. Bolasco, Division Librarian II

Inilimbag sa Pilipinas ng: Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon X, Kawanihan ng mga Kaalaman

Office Address: Fortich Street, Sumpong, Malaybalay City

Telefax: (088) 813- 3634

E-mail Address: Bukidnon@deped.gov.ph

Website: www.Depedbukidnon.net.ph

Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikalawang Markahan - Modyul 10

Nakapagtataya ng kabutihan o kasamaan ng pasiya o kilos sa isang sitwasyong may suliranin (dilemma) batay sa layunin, paraan (kilos), sirkumstansya at kahihinatnan nito. (Ika-8 Linggo/ Week 8)
EsP10MK-IIa-5.2

Ang modyul na ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga educator mula sa mga publiko at pribadong paaralan at pamantasan. Hinihikayat naming ang mga guro at ibang larangan ng edukasyon na mag-email ng kanilang puna at mungkahi sa Kagawaran ng Edukasyon sa action@deped.gov.ph.

Talaan ng Nilalaman

	Pahina
Cover Page	
Copyright Page	
Title Page	
Talaan ng Nilalaman	
Paunang Salita	
Aralin 1: Ang Sirkumstansiya na Batay sa Mabuting Pasiya o Kilos	
Alamin	1
Subukin	2-3
Balikan	4
Tuklasin	4-5
Suriin	5-6
Pagyamanin	7
Isaisip	8
Isagawa	9
Tayahin	10-12
Karagdagang Gawain	12-13

Aralin 2: Napatunayan na ang May Magandang pasiya o kilos ay Mayrong Mabuting Layunin ng Sirkumstansiya at Kahinatnan Nito

Alamin	14
Subukin	15-16
Balikan	16
Tuklasin	17
Suriin	17-19
Pagyamanin	19-20
Isaisip	20
Isasagawa	21
Tayahin	21-22
Karagdagang Gawain	23-25
Susi sa Pagwawasto	26-27
Sanggunian	28

Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy/Guro:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Edukasyon sa Pagpapakatao 10 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Layunin, Paraan, Sirkumstansya at Kahihinatnan ng Kilos.

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



Mga Tala para sa Guro

Magandang araw! Sana maganda ang araw ninyo ngayon! May isa na namang modyul ang inyong matapos sa markahang ito. Bago ang lahat binabati kita ng Congratulations! Ngayon tiyak na mayroon na madagdagan na naman ang iyong makukuhang kaalaman sa modyul na ito at ito ay malaking maitutulong sa pang-araw na buhay sa panahon natin ngayon.

Ngayon ay isang oportunidad na naman upang lalo pa ninyong mapabuti ang inyong pag-aaral sa modyul na ito. Sana ibigay ninyo ang inyong pinakamahusay na partisipasyon.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral at Magulang:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Edukasyon sa Pagpapakatao 10 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa araling Layunin, Paraan, Sirkumstansya at Kahihinatnan ng Kilos.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Magalang na pagbati po sainyo bilang magulang! Maaari lamang po na kung magagabayan ninyo ang inyong anak ay mas lalo pong magiging kapana-panabik ang kaniyang/kanilang pag-aaral at pagsasagawa ng mga Gawain. Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

 Alamin	Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul.
 Subukin	Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul.
 Balikan	Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon.
 Tuklasin	Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon.
 Suriin	Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.
 Pagyamanin	Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.
 Isaisip	Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin.
 Isagawa	Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.

 Tayahin	Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi.
 Karagdagang Gawain	Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin.
 Susi sa Pagwawasto	Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul.

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

Sanggunian

Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

Aralin

1

Ang Sirkumstansiya na Batay sa Mabuting Pasiya o Kilos



Alamin



Alam ko na marami kanang karunungan napag-alaman, syempre dahil hindi lang nasa ika-lawang markahan kana at mahigit sampu na rin ang mga modyul na iyong nabasa at mga Gawain nagawa kundi pati narin sa kagustuhan mong matuto at matapos ang baitang sampu na may karangalan at pagkilala. Siguro hindi yan totoo sa iyo, pero kung mamarapatin at pagsusumikapan ay alam ko na. kayang-kaya mo.

Sa nakaraang modyul ay sigurado na nalaman mo na ang layunin, paraan, sirkumstansiya at kahihinatnan ng makataong kilos ay tunay ngang mayroong kinalaman sa ikabubuti at ikasasama nito, kaya dapat na laging maging mapagmasid sa lahat ng pagkakataon.

Layunin naman ng modyul na ito na ikaw ay makapagtataya ng kabutihan o kasamaan ng iyong isinasagawang kilos at pasiya. Sa pamamagitan nito, matutulungan kang lubos na mapagnilayan kung paano ka nakapagsasagawa ng makataong kilos at mula rito ay masasagot mo ang Mahalagang Tanong na: Bakit mahalagang maunawaan at natataya ang layunin, paraan, sirkumstansiya, at kahihinatnan ng kilos.

Sa Modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:

Nakapagtataya ng kabutihan o kasamaan ng pasiya o kilos sa isang sitwasyong may suliranin (dilemma) batay sa layunin, paraan (kilos), sirkumstansiya at kahihinatnan nito. (EsP10MK-IIa-5.2) Week 8



Subukin



Sa huling bahagi ng talakayang Layunin, Paraan, Sirkumstansya at kahihinatnan ng makataong kilos ay umabot kana sa pang-apat na kompetensi na kung saan ay inaasahang matataya mo na ang mga bahaging ito na sabi ng iba ay “*exciting*” dahil malalaman mo ang iyong kakayahan at kaalaman. Kung kaya narito ang **Panuto**:

Gawain 1.1

Basahin at unawaing mabuti ang mga aytem at piliin ang titik ng pinakatamang sagot. Isusulat mo ang iyong sagot sa iyong sagutang papel o kuwaderno.

1. Bakit sinasabing ang moral na kilos ay ang makataong kilos ayon sa etika ni Sto. Tomas de Aquino?
 - a. Sapagkat nahuhusgahan nito ang tama at maling kilos.
 - b. Sapagkat nakapagpapasiya ito nang naaayon sa tamang katwiran.
 - c. Sapagkat malayang patungo ito sa layunin na pinag-isipan.
 - d. Sapagkat napatutunayan nito ang sariling kilos kung ito ay mabuti o masama.
2. Kung ang papel na ginagampanan ng isip ay humusga at mag-utos, ano naman ang papel ng kilos-loob?
 - a. Umunawa at magsuri ng impormasyon.
 - b. Tumungo sa layunin o intensiyon ng isip.
 - c. Tumulong sa kilos ng isang tao.
 - d. Gumabay sa pagsasagawa ng kilos.
3. Alin sa sumusunod ang hindi kahulugan ng sirkumstansiya?
 - a. Ito ay tumutukoy sa isang kondisyon o kalagayan kung saan ang kilos na ginawa ay nakaaapekto sa kabutihan.
 - b. Ito ay tumutukoy sa panloob na kilos na nakabatay kung saan nakatuon ang kilos-loob.
 - c. Ito ay nakapagbabawas o nakapagdaragdag sa kabutihan o kasamaan ng isang kilos.
 - d. Ito ay nakapagpapabago sa halaga ng isang kilos.

4. Naging pangulo ng kanilang pangkat si Julianna. Simula sa araw nang siya ay manalo, ginampanan niya nang lubos ang kaniyang tungkulin at responsibilidad. Ano kayang prinsipyong sumasakop sa sirkumstansiya ng kilos ang makikita rito?
 - a. Ang sirkumstansiya maaaring lumikha ng mabuti o masamang kilos.
 - b. Ang sirkumstansiya ay maaaring magdulot ng bagong kabutihan sa masamang kilos at bagong masamang hangarin sa masamang kilos.
 - c. Ang sirkumstansiya ay maaaring makalikha ng mabuti o masama.
 - d. Ang sirkumstansiya ay hindi maaaring gawing mabuti ang masama.

5. Si Gene ay isang espesyalistang doktor sa puso. Siya ay maingat sa pagbibigay kung anong gamot ang nararapat sa pasyente dahil alam niya bilang doktor na hindi lahat ng gamot na kaniyang ibinibigay ay may magandang idudulot sa mga pasyenteng iinom nito. Alin sa mga Salik na Nag-uugnay sa makataong kilos ang ipinakita ni Gene?
 - a. Layunin
 - b. Kilos
 - c. Sirkumstansiya
 - d. Kahihinatnan

Gawain 1.2

Madali lang yung limang bilang diba? Ngunit itong pangalawang gawain ay mayroon kang sampung puntos kung mabubuo ang mga pangungusap gamit ang mga salitang nasa kahon ay magaling. Kaya, isip-isip. Okay?

paraan	sirkumstansya	layunin	sino	ano	paano	makataong-kilos
	kahihinatnan		pagkatao	saan		

1. Ito ang pinaka_____ o pinatutunguhan ng kilos.
2. Ito ang tumutukoy sa mismong kilos, gaano ito kalaki o kabigat.
3. Mayroong apat na salik ang _____.
4. Ang Makataong kilos ay bunga ng ating isip at kagustuhan na nasasalamín ang ating _____.
5. Ito ay ang panlabas na kilos na kasangkapan o paraan upang makamit ang layunin.
6. Ito ang tumutukoy sa tao na nagsasagawa ng kilos o sa taong maaaring maapektuhan ng kilos.
7. Ito ay tumutukoy sa paraan kung paano isinagawa ang kilos.
8. Ang lahat ng ginagawang kilos ng tao ay may dahilan, batayan, at may kaakibat na pananagutan.
9. Ito ang tumutukoy sa lugar kung _____ ginagawa ang kilos.
10. Ito ay tumutukoy sa isang kondisyon o kalagayan ng kilos na nakababawas o nakadaragdag sa kabutihan o kasamaan ng isang kilos.



Balikan



Naalala mo pa ba ang nakaraang aralin? Sa nakaraang napag-aralang Modyul, natutuhan mong pananagutan ng tao, ang anumang kahihinatnan ng kaniyang kilos, mabuti man o masama. Mahalagang mapagnilayan niya ang bawat kilos na kaniyang isasagawa dahil hindi magiging ganap ang pagiging tao niya kung hindi siya kumikilos ayon sa kabutihan.

Gawain 2

Pero teka muna, naaalala mo pa ba ang ibig sabihin ng kilos? Kung oo ang iyong sagot ay gumawa ng maikling sanaysay ukol sa kilos ng tao na kung saan ito ay may layunin, paraan at sirkumstansya na maaaring mayroong mabuti at masamang bunga, na ito ay maaaring sa panahon na halos lahat nang tao sa buong bansa ay naka-*lockdown*.

Isulat ang iyong sagot sa loob ng kahon bilang pagbabalik-aral upang ang naisa-isipan mo ay tunay ngang iyong maisasabuhay at matatanim sa damdamin.

Wow, Nagawa mo! Kaya magpapatuloy tayo, okay?



Tuklasin



Heto na tayo't magpapatuloy sa pagtuklas ng mga bagong karunungan at kaalaman. Kung kaya nga sinasabi na "Ang Makataong kilos ay bunga ng ating isip at kagustuhan na nasasalamín ang ating pagkatao. Kung ano tayo at kung ano ang kalabasan ng ating kilos ay batay sa ating pagpapasiya." Tulad ng kinakaharap nating krisis nitong taong kasalukuyan, ang COVID-19 o ang pandemia na kumitil na nang libo-libong buhay. Nangangahulugan ito na hindi lahat ng ating isinasagawang kilos ay mabuti, dahil bawat kilos natin na nagmula muna sa ating isipan ay maaaring may bunga o kahihinatnan na hindi maganda, hindi kaaya-aya o masama.

Gawain 3

Mga kaganapan sa ating Bayan at Kilos ng Kinauukulan	Maaaring Mangyari Masama/ Mabuti	Iyong Paliwanag
1. Ang pagdeklara ng total lockdown		
2. Ang pagpapatigil ng mga Negosyo		
3. Pagbabawal ng pagsasamba sa Diyos sa loob ng Simbahan		
4. Pagbibigay ng Social Amelioration Program		
5. Pagpapalapat ng kaso sa mga nangurakot sa Ayuda ng Pamahalaan		

Kung nasagutan mo na ang mga kahon ng maaring mangyari at paliwanag ay napakagaling! Kaya sa parting ito ay hinihimok kita na magpatuloy, okay ba?

- Krayterya ng Bahaging Tuklasin

5 Puntos	3 Puntos	1 Puntos
Kung ang paliwanag sa maaaring mangyari masama o mabuti ay ayon sa pagkakaintindi sa mga aralin.	Kung ang sagot ay base lamang sa kanyang pagkakaintindi at hindi sa aralin.	Kung ang paliwanag sa sagot ay wala sa inaasahang maipamamalas.



Suriin



Muli nating balikan o pag-aralng ng maraming beses ang araling ito na kung saan ay naniniwala ako na ito ang mabisang sikreto upang tunay mong maunawaan at maintindihan ang **“Apat na salik na nakaaapekto sa makataong kilos o nakaaapekto sa resulta ng kilos kung ito ay mabuti o masama”**.

Ang mga ito ay ang sumusunod (sa pang-apat na pagkakataon):

Ang layunin ng Makataong Kilos

Ito ay tumutukoy sa panloob na kilos kung saan nakatuon ang kilos-loob. Ito rin ay tumutukoy sa taong gumagawa ng kilos (doer); hindi ito nakikita o nalalaman ng ibang tao dahil ito ay personal sa taong gumagawa ng kilos.

Ito ang pinakalayunin o pinatutunguhan ng kilos. Ayon kay Sto. Tomas de Aquino, ang mismong kilos ay hindi maaaring husgahan kung mabuti o masama kung hindi nito isasaalang-alang ang layunin ng taong gumagawa nito. Mahalagang tingnan ang kabuuang kilos na kasama ang layunin ng tao na nagsasagawa nito. Ang pamantayan sa kabutihan ng layunin ay kung iginagalang ng taong nagsasakilos ang dignidad ng kaniyang kapuwa.

Ang Paraan ng Makataong Kilos

Ito ay ang panlabas na kilos na kasangkapan o paraan upang makamit ang layunin. Ayon kay Sto. Tomas de Aquino, may nararapat na obheto ang kilos. Halimbawa, sa kilos na kumain, ang obheto ay makakain. Ngunit kung kakain ka ng bato, ito ay masama dahil hindi kinakain ang bato. Ang kilos ng uminom ay may obheto na makainom. Ngunit kung iinom ka ng muriatic acid ito ay masama dahil nakamamatay ito. Samakatuwid, ang paraan ng kilos ay ang nararapat na kilos dahil ang kabutihan ng panlabas na kilos ay ang nararapat na obheto nito.

Ang Sirkumstansya ng Makataong Kilos

Ito ay tumutukoy sa isang kondisyon o kalagayan ng kilos na nakababawas onakadaragdag sa kabutihan o kasamaan ng isang kilos.

Narito ang iba't ibang sirkumstansiya:

- *Sino*. Ito ang tumutukoy sa tao na nagsasagawa ng kilos o sa taong maaaring maapektuhan ng kilos.
- *Ano*. Ito ang tumutukoy sa mismong kilos, gaano ito kalaki o kabigat.
- *Saan*. Ito ang tumutukoy sa lugar kung saan ginagawa ang kilos.
- *Paano*. Ito ay tumutukoy sa paraan kung paano isinagawa ang kilos.
- *Kailan*. Ito ay tumutukoy kung kailan isasagawa ang kilos.

Ang Kahihinatnan ng Makataong Kilos

Ang lahat ng ginagawang kilos ng tao ay may dahilan, batayan, at may kaakibat na pananagutan. Anuman ang gawing kilos ay may kahihinatnan. Mahalaga na masusing pag-isipan at pagplanuhang mabuti ang anumang isasagawang kilos dahil mayroon itong katumbas na pananagutan na dapat isaalang-alang. Kung minsan, nagkakaroon ng suliranin sa pagpapasiya dahil sa kawalan ng kaalaman kung ang pinili niyang kilos ay mabuti o masama. Kung minsan, dahil sa bilis ng takbo ng isip ng tao ay nakapag-iisip at nakagagawa siya ng kilos na hindi tinitingnan ang kahihinatnan nito. Ngunit sa ikaapat na salik, sinasabi na ang bawat tao ay kailangang maging mapanagutan sa anumang kilos na kaniyang pipiliin. Kailangang mapag-isipang mabuti at makita kung ano ang magiging resulta ng anumang kilos na gagawin.



Pagyamanin



Kung iyong napansin sa mga nakaraang mga modyul na iyong napag-aralan ay talagang ganito ang subok nang pamamaraan o pagkakasunod-sunod ng bawat aralin. Pagkatapos ng bahaging **suriin** ay kailangan mo na namang **pagyamanin** kung gaano mo maaabot o maisasakatuparan ang inaasahan sa iyo na komptensi o mga kompetensi. Kaya alam ko na kayang-kaya mo ang bahaging ito.

Gawain 4

Pag-unawa at Pagtataya sa mga Salik ng Makataong Kilos

Upang masubok ang lalim ng iyong naunawaan, sagutin mo sumusunod na mga pokus na tanong sa iyong kuwaderno:

1. Sa papaanong paraan ng tao matataya o masusubukan ang tunay na layunin ng isang tao gumawa ng bagay na kanyang ginawa ayon kay Sto. Tomas de Aquino?
2. Bakit ang pag inom ng muriatic acid ay masasabing hindi ayon sa tunay na layunin o obheto ng pag inom?
3. Ano ang kalimitang nagiging dahilan ng isang masamang gawa ng isang tao?
4. Anong uri ng sirkumstansiya ang mismong kilos na nagbibigay ng tunay na halaga nito?.
5. Paano nahuhusgahan kung ang layunin ng kilos ay mabuti o masama?

Nasagot mob a lahat ng tanong? Kung ganon mabuti at nawa ay maitanim sa iyong isipan ang pagpapayamang gawain.



Isaisip




Ngayon malinaw na sa iyo na ang layunin, paraan, sirkumstansiya at kahihinatnan ng kilos ay nakapagtatakda ng kabutihan o kasamaan ng kilos ng tao. Ito ay isang hamon para sa iyo kung paano mo pag-iisipang mabuti ang pipiliin mong kilos sa araw-araw simula sa iyong paggising hanggang sa iyong pagtulog. Kung ikaw ba ay mananalangin sa parehong oras ng iyong paggising at sa pagtulog, pag-aalaala ng mga bagay na kung saan ay dapat mong pasalamatan ang Diyos at ganon din na hingin ang Kaniyang Mapagpalang paggabay at pagpapatnubay sa iyong Layunin na iyong isasakatuparan hindi lang sa unang oras ng bawat araw kundi pati narin sa buong araw na dadating.

Gawain 5

Kung kaya nga't ngayon ay inaanyayahan kitang punan ng iyong sagot ang patlang, na isusulat mo sa iyong kwaderno. Handa ka na ba?

Ang _____ tumutukoy sa panloob na kilos kung saan nakatuon ang kilos-loob. Ayon kay _____, ang mismong kilos ay hindi maaaring husgahan kung _____ o _____ kung hindi nito isasaalang-alang ang layunin ng taong gumagawa nito.

Ito ay ang panlabas na kilos na kasangkapan o _____ upang makamit ang layunin. Samakatuwid, ang paraan ng kilos ay ang nararapat na kilos dahil ang kabutihan ng panlabas na kilos ay ang _____ na obheto nito.



Bumuo ng dalawa o tatlong saknong bilang iyong sanaysay na nagmumula sa mga salitang nasa loob ng kahon. Isulat ang iyong sagot sa kuwaderno.

This image shows a blank sheet of white paper with horizontal ruling lines. The lines are evenly spaced and extend across the width of the page. There is no handwriting or other markings on the paper.



Tayahin



O ayan andito kana sa paggawa ng halos panghuling Gawain na malalaman mo na ganap na ang iyong kaalaman at karungan sa pagkakataong ito.

Kung kaya ay sundin ang panuto nitong huling bahagi ng pag-aaral mo ng modyul na ito.

Gawain 7.1

Basahin at unawaing mabuti ang mga aytem at piliin ang titik ng pinakatamang sagot. Isusulat mo ang iyong sagot sa iyong sagutang papel o kuwaderno.

1. Bakit sinasabing ang moral na kilos ay ang makataong kilos ayon sa etika ni Sto. Tomas de Aquino?
 - a. Sapagkat nahuhusgahan nito ang tama at maling kilos.
 - b. Sapagkat nakapagpapasiya ito nang naaayon sa tamang katwiran.
 - c. Sapagkat malayang patungo ito sa layunin na pinag-isipan.
 - d. Sapagkat napatutunayan nito ang sariling kilos kung ito ay mabuti o masama.
2. Kung ang papel na ginagampanan ng isip ay humusga at mag-utos, ano naman ang papel ng kilos-loob?
 - a. Umunawa at magsuri ng impormasyon.
 - b. Tumungo sa layunin o intensiyon ng isip.
 - c. Tumulong sa kilos ng isang tao.
 - d. Gumabay sa pagsasagawa ng kilos.

3. Alin sa sumusunod ang hindi kahulugan ng sirkumstansiya?
 - a. Ito ay tumutukoy sa isang kondisyon o kalagayan kung saan ang kilos na ginawa ay nakaaapekto sa kabutihan.
 - b. Ito ay tumutukoy sa panloob na kilos na nakabatay kung saan nakatuon ang kilos-loob.
 - c. Ito ay nakapagbabawas o nakapagdaragdag sa kabutihan o kasamaan ng isang kilos.
 - d. Ito ay nakapagpapabago sa halaga ng isang kilos.
4. Naging pangulo ng kanilang pangkat si Julianna. Simula sa araw nang siya ay manalo, ginampanan niya nang lubos ang kaniyang tungkulin at responsibilidad. Ano kayang prinsipyong sumasakop sa sirkumstansiya ng kilos ang makikita rito?
 - a. Ang sirkumstansiya maaaring lumikha ng mabuti o masamang kilos.
 - b. Ang sirkumstansiya ay maaaring magdulot ng bagong kabutihan sa masamang kilos at bagong masamang hangarin sa masamang kilos.
 - c. Ang sirkumstansiya ay maaaring makalikha ng mabuti o masama.
 - d. Ang sirkumstansiya ay hindi maaaring gawing mabuti ang masama.
5. Si Gene ay isang espesyalistang doktor sa puso. Siya ay maingat sa pagbibigay kung anong gamot ang nararapat sa pasyente dahil alam niya bilang doktor na hindi lahat ng gamot na kaniyang ibinibigay ay may magandang idudulot sa mga pasyenteng iinom nito. Alin sa mga Salik na Nag-uugnay sa makataong kilos ang ipinakita ni Gene?
 - a. Layunin
 - b. Kilos
 - c. Sirkumstansiya
 - d. Kahihinatnan

Gawain 7.2

Madali lang yung limang bilang diba? Ngunit itong pangalawang gawain ay mayroong sampung puntos ka kung mabubuo ang mga pangungusap gamit ang mga salitang nasa kahon ay magaling. Kaya, isip-isip. Okay?

paraan	sirkumstansya	layunin	sino	ano	paano	makataong-kilos
	kahihinatnan		pagkatao		saan	

1. Ito ang pinaka_____ o pinatutunguhan ng kilos.
2. Ito ang tumutukoy sa mismong kilos, gaano ito kalaki o kabigat.
3. Mayroong apat na salik ang _____.
4. Ang Makataong kilos ay bunga ng ating isip at kagustuhan na nasasalamain ang ating _____.
5. Ito ay ang panlabas na kilos na kasangkapan o paraan upang makamit ang layunin.
6. Ito ang tumutukoy sa tao na nagsasagawa ng kilos o sa taong maaaring maapektuhan ng kilos.
7. Ito ay tumutukoy sa paraan kung paano isinagawa ang kilos.
8. Ang lahat ng ginagawang kilos ng tao ay may dahilan, batayan, at may kaakibat na pananagutan.
9. Ito ang tumutukoy sa lugar kung _____ ginagawa ang kilos.
10. Ito ay tumutukoy sa isang kondisyon o kalagayan ng kilos na nakababawas o nakadaragdag sa kabutihan o kasamaan ng isang kilos.



Karagdagang Gawain



Gawain 8

Mag-isip ng isang sitwasyon mula sa iyong karanasan na may suliranin (dilemma). Tayahin ang kabutihan o kasamaan nito batay sa layunin, paraan, sirkumstansiya at kahihinatnan nito. Ipakita at ipabasa ito sa iyong magulang. Anyayahan sila na magbigay ng komento o payo sa iyong ginawa. Palagyan ito sa kanila ng lagda bilang katibayan na kanilang nabasa ang iyong ginawa.

Suliranin	Layunin	Paraan	Sirkumstansiya	Kahihinatnan Paghuhusga: Mabuti o masama ang kilos? Bakit?	Komento, payo, at lagda ng magulang

Kraytirya	10 puntos	7 puntos	3 puntos
Nasuri nang maayos ang sitwasyong may suliranin (dilemma) batay sa layunin, paraan, at sirkumstansiya nito	Maayos na nasuri ang sitwasyon batay sa layunin, paraan, at sirkumstansiya nito.	Maayos na nasuri ang sitwasyon ngunit kulang ng isa ayon sa hinihingi	Isa lamang ang nasuri sa sitwasyon.
Natukoy ang kabutihan at kasamaan ng pasiya o kilos at nabigyan ito ng paliwanag.	Natukoy ang kabutihan o kasamaan ng isinagawang kilos o pasiya at nabigyan ito ng paliwanag.	Natukoy ngunit hindi naipaliwanag.	Hindi natapos ang gawain sa pagtukoy ng kasamaan o kabutihan ng kilos o pasiya.
Nakapagbigay ng sariling sitwasyon mula sa karanasan na nabibigyan ng tamang pagtukoy sa layunin, paraan, at sirkumstansiya gayundin ang kabutihan o kasamaan nito.	Nakapagbigay ng sariling sitwasyon ayon sa karanasan at malinaw itong naipahayag.	Nakapagbigay ng sitwasyon ngunit hindi malinaw ang pagpapahayag nito.	Nakapagbigay ng sitwasyon ngunit hindi natapos.

Aralin

2

Napatunayan na ang May Magandang pasiya o kilos ay Mayrong Mabuting Layunin ng Sirkumstansiya at Kahinatnan Nito



Alamin



Pambungad na pagbati para saiyó! Kumusta, alam ko na nasa mabuti kang kalagayan sa kabila nitong ating naranasan sa ating panahon, ang pagkakakulong ngunit malaya. Tunay na hindi madaling maging isang preso ng kapalaran di ba? Ang bawat isa satin ay tunay na nakaranas nang kung ano ang isinasaad ng aralin ito. Nakakarelate ka ba sa ipinahihiwatig ng mga naunang pangungusap? Sigurado marahil ang maisasagot mo oo, o pwede rin hindi.

Mabuti kung ganon, dahil ang bahagi ng modyul na ito ay ang ay karugtong pa rin ng unang dalawang modyul na iyo nang napagtanto o napag-aralan at marahil marami kanang nabuksang mga kaisipan na nagdadagdag ng iyong kaalaman.

Sa Modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:

Napatutunayan na ang layunin, paraan, sirkumstansiya, at kahihinatnan ng kilos ay nagtatakda sa pagkamabuti o pagkamasama nito. (EsP10MK-IIHh8.4) Week 8



Subukin



Oh ano gusto mo nang umpisahan agad itong bahagi na susubok sa kung ano na ang iyong dati nang alam o nalalaman?

Gawain 1

Kung kaya narito ang **Panuto:**

Basahin at unawaing mabuti ang mga aytem at piliin ang titik ng pinakataamang sagot na isusulat mo sa iyong sagutang papel at kung mayroon ka pang mga pagpapatunay o karagdagang sagot ay mas mabuti dahil bawat bilang ay tatlong puntos.

1. Si Jimmy ay isang pulis. Kilala siyang matulungin sa kanilang lugar kaya't mahal na mahal siya ng kaniyang mga kapitbahay ngunit lingid sa kaalaman ng kaniyang mga tinutulongan, na ang itinutulong niya sa mga ito ay galing sa pangongotong na kinukuha niya sa kaniyang mga nahuhuling tsuper sa kalsada. Tama ba o Mali ang kilos ni Jimmy?
 - a. Tama, dahil marami naman siyang natutulungan na nangangailangan.
 - b. Mali, dahil hindi sa kaniya galing ang kaniyang itinutulong.
 - c. Tama, dahil mabuti naman ang kaniyang panlabas na kilos.
 - d. Mali, dahil kahit mabuti ang panlabas na kilos, nababalewala pa rin ang panloob na kilos
2. Isang araw habang wala sa bahay ang mga magulang ni Bren ay pumasok siya sa kanilang silid at kumuha ng 500 piso sa loob ng kabinet kung saan nakatago ang pera nila. Ang pagkuha ni Bren ng pera ay masama. Nadaragdagan ng panibagong kasamaan ang kaniyang ginawa dahil _____.
 - a. kinuha niya ito nang walang paalam
 - b. kinuha niya ito nang wala ang kaniyang mga magulang
 - c. ang kinuhanan niya ng pera ay ang kaniyang mga magulang
 - d. ang pagkuha niya ng pera ay hindi nagpakita ng pagrespeto.
3. May babae na nagustuhan at minahal si Alex ngunit ang babaeng ito ay mayroon ng asawa. Ngunit sa kabila nito, ipinagpatuloy pa rin niya ang kaniyang pagmamahal sa babae hanggang sa magkaroon sila ng relasyon. Ano kayang prinsipyo ang sumasakop sa sirkumstansiya ng kilos ang makikita sa sitwasyon?

- a. Ang sirkumstansiya ay maaaring makalikha ng kakaibang kilos ng mabuti o masama.
 - b. Ang sirkumstansiya ay hindi maaaring gawing mabuti ang masama
 - c. Ang sirkumstansiya ay maaaring gawin ang mabuting kilos na masama
 - d. Ang sirkumstansiya ay maaaring lumikha ng mabuti o masamang kilos.
4. Kaarawan ni Mang Robert, nagpunta ang kaniyang mga kaibigan at sila ay nagsaya. Humiram sila ng videoke at sila ay nagkantahan hanggang umabot sila ng madaling-araw. Naiinis na ang kaniyang mga kapit-bahay dahil sa ingay na dulot nito. Ano kayang prinsipyo ang sumasakop sa sirkumstansiya ng kilos ang makikita rito?
- a. Ang sirkumstansiya ay maaaring gawin ang mabuting kilos na masama.
 - b. Ang sirkumstansiya ay maaaring makalikha ng kakaibang kilos ng mabuti o masama.
 - c. Ang sirkumstansiya ay maaaring gawing mabuti ang masama.
 - d. And sirkumstansiya ay lumikha ng mabuti o masamang kilos.
5. Mayroon kang mahabang pagsusulit ngunit hindi ka nakapag-aral dahil ginabi ka nang umuwi galing sa kaarawan ng iyong kaibigan. Nakikita mo ang sagot mula sa iyong katabi. Tama ba o mali na kopyahin mo ito?
- a. Tama, dahil hindi ko naman hiningi ang sagot, kusa ko naman itong nakita.
 - b. Mali, dahil hindi ko dapat kopyahin nang walang paalam sa kaniya.
 - c. Tama, dahil ang aking layunin ay makapasa sa pagsusulit.
 - d. Mali, dahil kung ano lamang ang nalalaman ko ang dapat kong isulat na sagot sa pagsusulit.

Madali lang na piliin ang alam mong tamang sagot diba, pero alam ko na may ilang bilang na hindi mo pa alam ang iba, ngunit alam ko na malalaman mo rin ang mga kasagutan sa pagpapatuloy mo susunod na mga bahagi.



Balikan



Gawain 2

Oh ayan tayo ay magbabalik aral na naman, pero sa bahaging ito ay gagawin mo ito sa papamamagitan ng isang **maikling kwento** sa kung anu-ano ang mga nasuri mong layunin, paraan, sirkumstansiya at kinahinatnan ng makataong kilos, maaaring nangyari sa iyong buhay, sa iyong kaibigan o sa iba na kilala mo, na kung saan ay talagang mapapatunayan natin na tunay ngang nagtatakda ng pagkamabuti o pagkamasama ang bawat konsepto o ang layunin, paraan, sirkumstansiya sa kahihinatnan ng makataong kilos. Ito ay gagawin mo sa iyong kwaderno na mayroong apat hanggang limang mga sagnong o higit pa.

Syempre ikaw na kasi yan, kaya nagawa mo! Okay ka pa ba? Aja o kaya mo yan!



Tuklasin



Gawain 3

Sa bahaging ito ay nais ko na tunghayan mo o panoorin ang kwento ng buhay ni Robin Hood, o kung ito ay tapos mo nang napanoud o nabasa, ay maaari mo ng **isulat** mo sa iyong kwaderno ang mga mabunting aral na natutunan mo. Sa anong bahagi ng kwento mo na mapapatunayan ang layunin, paraan, sikumstansiya, at kahihinatnan ng kilos na nagtatakda ng kabutihan o kasamaan?

Kung sakaling wala kang paraan na mapanood ang kwento ng buhay ni Robin Hood ay maaari kang magtanong sa isang kakilala mong nakatatanda saiyo na sa palagay mo ay napanood na niya o alam niya ang tungkol sa kanya. Kaya kung ang bahaging ito ay iyong nagawa ay magaling at muli binabati kita.



Suriin



Ang layunin ng Makataong Kilos

Ito ay tumutukoy sa panloob na kilos kung saan nakatuon ang kilos-loob. Ito rin ay tumutukoy sa taong gumagawa ng kilos; hindi ito nakikita o nalalaman ng ibang tao dahil ito ay personal sa taong gumagawa ng kilos.

Ito ang pinakalayunin o pinatutunguhan ng kilos. Ayon kay Sto. Tomas de Aquino, ang mismong kilos ay hindi maaaring husgahan kung mabuti o masama kung hindi nito isasaalang-alang ang layunin ng taong gumagawa nito. Mahalagang tingnan ang kabuuang kilos na kasama ang layunin ng tao na nagsasagawa nito. Ang pamantayan sa kabutihan ng layunin ay kung iginagalang ng taong nagsasakilos ang dignidad ng kaniyang kapuwa.

Ang Paraan ng Makataong Kilos

Ito ay ang panlabas na kilos na kasangkapan o paraan upang yon kay Sto. Tomas de Aquino, may nararapat na obheto ang kilos. Halimbawa, sa kilos na kumain, ang obheto ay makakain. Ngunit kung kakain ka ng bato, ito ay masama dahil hindi kinakain ang bato. Ang kilos ng uminom ay may obheto na makainom. Ngunit kung iinom ka ng muriatic acid ito ay masama dahil nakamamatay ito. Samakatuwid, ang paraan ng kilos ay ang nararapat na kilos dahil ang kabutihan ng panlabas na kilos ay ang nararapat na obheto nito. Ang bawat kilos ay may layunin. Ngunit paano mo ba nahuhusgahan kung ang layunin mo ay mabuti o masama?

Ang Sirkumstansya ng Makataong Kilos

Ito ay tumutukoy sa isang kondisyon o kalagayan ng kilos na nakababawas onakadaragdag sa kabutihan o kasamaan ng isang kilos. Narito ang iba't ibang sirkumstansiya: *Sino*.- Ito ang tumutukoy sa tao na nagsasagawa ng kilos o sa taong maaaring maapektuhan ng kilos.

Ang layunin ng Makataong Kilos

Ito ay tumutukoy sa panloob na kilos kung saan nakatuon ang kilos-loob. Ito rin ay tumutukoy sa taong gumagawa ng kilos; hindi ito nakikita o nalalaman ng ibang tao dahil ito ay personal sa taong gumagawa ng kilos. Ito ang pinakalayunin o pinatutunguhan ng kilos. Ayon kay Sto. Tomas de Aquino, ang mismong kilos ay hindi maaaring husgahan kung mabuti o masama kung hindi nito isasaalang-alang ang layunin ng taong gumagawa nito. Mahalagang tingnan ang kabuuang kilos na kasama ang layunin ng tao na nagsasagawa nito. Ang pamantayan sa kabutihan ng layunin ay kung iginagalang ng taong nagsasakilos ang dignidad ng kaniyang kapuwa.

Ang Paraan ng Makataong Kilos

Ito ay ang panlabas na kilos na kasangkapan o paraan upang makamit ang layunin. Ayon kay Sto. Tomas de Aquino, may nararapat na obheto ang kilos. Halimbawa, sa kilos na kumain, ang obheto ay makakain. Ngunit kung kakain ka ng bato, ito ay masama dahil hindi kinakain ang bato. Ang kilos ng uminom ay may obheto na makainom. Ngunit kung iinom ka ng muriatic acid ito ay masama dahil nakamamatay ito. Samakatuwid, ang paraan ng kilos ay ang nararapat na kilos dahil ang kabutihan ng panlabas na kilos ay ang nararapat na obheto nito. Ang bawat kilos ay may layunin. Ngunit paano mo ba nahuhusgahan kung ang layunin mo ay mabuti o masama?

Ang Sirkumstansya ng Makataong Kilos

Ito ay tumutukoy sa isang kondisyon o kalagayan ng kilos nanakababawasnakadaragdag sa kabutihan o kasamaan ng isang kilos. Narito ang iba't ibang sirkumstansiya: *Sino*.- Ito ang tumutukoy sa tao na nagsasagawa ng kilos o sa taong maaaring maapektuhan ng kilos.

Ano.- Ito ang tumutukoy sa mismong kilos, gaano ito kalaki o kabigat.*Saan*.- Ito ang tumutukoy sa lugar kung saan ginagawa ang kilos.*Paano*.- Ito ay tumutukoy sa paraan kung paano isinagawa ang kilos.*Kailan*.- Ito ay tumutukoy kung kailan isasagawa ang kilos.

Ang Kahihinatnan ng Makataong Kilos

Ang lahat ng ginagawang kilos ng tao ay may dahilan, batayan, at may kaakibat na pananagutan. Anuman ang gawing kilos ay may kahihinatnan. Mahalaga na masusing pag-isipan at pagplanuhang mabuti ang anumang isasagawang kilos dahil mayroon itong katumbas na pananagutan na dapat isaalang-alang. Kung minsan, nagkakaroon ng suliranin sa pagpapasiya dahil sa kawalan ng kaalaman kung ang pinili niyang kilos ay mabuti o masama. Kung minsan, dahil sa bilis ng takbo ng isip ng tao ay nakapag-iisip at nakagagawa siya ng kilos na hindi tinitingnan ang kahihinatnan nito. Ngunit sa ikaapat na salik, sinasabi na ang bawat tao ay kailangang maging mapanagutan sa anumang kilos na kaniyang pipiliin. Kailangang mapag-isipang mabuti at makita kung ano ang magiging resulta ng anumang kilos na gagawin.

Okay ka lang ba? Tama nga lang bang mag break ng *hert* isang nilalang?



Pagyamanin



Mauubos kaya ang bilib ko saiyo? Syempre hindi. Dahil sa puntong ito na ginagawa mo ang bahaging ito ng aralin ay alam ko na gusto mo talagang matuto. Kung kaya, ako ay muling umaanyaya na ipagpatuloy mo lang na pagyamin ang iyong kaisipan o nalalaman. Dahil diyan, sa gawaing ito ay mapapatunayan ang iyong nasuring kaalaman sa modyul na ito.

Gawain 4

Pag-unawa sa mga Salik ng Makataong Kilos

Ano ang naunawaan mo sa iyong binasa? Upang masubok ang lalim ng iyong naunawaan, sagutin mo sumusunod na tanong sa iyong kuwaderno:

- a. Bakit ang layunin ay sinasabing hindi nakikita ng tao? Patunayan.
- b. Sa papaanong paraan nagiging masama ang obheto ng isang kilos? Patunayan.
- c. Patunayan na nakakababawas o nakadaragdag sa kondisyon o kalagayan ng kilos ang sirkumstansyang paano?
- d. Ano ang nagpapatunay na dapat nating ingatan ang bawat kilos?

Madali mo bang nasagot ang mga pokus na tanong? Sa palagay ko naman ay oo dahil mapatutunayan mo lahat ng iyong sagot mula sa mga pagsusuri na iyong ginawa.



Isaisip



Ngayon malinaw na sa iyo na ang layunin, paraan, sirkumstansiya at kahihinatnan ng kilos ay nakapagtatakda ng kabutihan o kasamaan ng kilos ng tao. Ito ay isang hamon para sa iyo kung paano mo pag-iisipang mabuti ang pipiliin mong kilos sa araw-araw simula sa iyong paggising hanggang sa iyong pagtulog. Kung ikaw ba ay mananalangin sa parehong oras ng iyong paggising at sa pagtulog, pag-aalaala ng mga bagay na kung saan ay dapat mong pasalamatan ang Diyos at ganon din na hingin ang Kaniyang Mapagpalang paggabay at pagpapatnubay sa iyong Layunin na iyong isasakatuparan hindi lang sa unang oras ng bawat araw kundi pati narin sa buong araw na darating.

Kung kaya ngayon ay inaanyayahan kitang magnilay-nilay sa iyong mga isinagawang kilos o mga gawain noong nakaraang linggo. Batay sa iyong mga natutuhan sa modyul na ito, at sa mga karanasan mo na may kaugnayan sa pag-aaral mo, sana ay matukoy mo ang iyong mga naging reyalisasyon.



Isagawa



Malapit na nating matapos ang aralin sa modyul na ito kung kaya mas napapahanga ako sa iyo dahil masusi ang iyong pagsasagawa ng bawat gawaing inilaan para sa iyo sa modyul na ito. Okay ka lang ba?

Gawain 5

Mag-isip ng isang sitwasyon mula sa iyong karanasan na may suliranin (dilemma). Tayahin ang kabutihan o kasamaan nito batay sa layunin, paraan, sirkumstansiya at kahihinatnan nito. Ipakita at ipabasa ito sa iyong magulang. Anyayahan sila na magbigay ng komento o payo sa iyong ginawa. Palagyan ito sa kanila ng lagda bilang katibayan na kanilang nabasa ang iyong ginawa.



Tayahin



Gawain 6

Bilang pagpapatuloy ang bahagi ng iyong pagpapatunay na nalaman mo na nga ang daan sa iyoy inaasahan ay muli kitang inaanyayahan na sundin ang **panuto**. Basahin at unawaing mabuti ang mga aytem at piliin ang titik ng pinakatamang sagot at kung may dagdag kang patunay o paliwanag ay merong kang tatlong puntos sa bawat bilang. Isagawa ito sa iyong sagutang papel.

1. Si Jimmy ay isang pulis. Kilala siyang matulungin sa kanilang lugar kaya't mahal na mahal siya ng kaniyang mga kapitbahay ngunit lingid sa kaalaman ng kaniyang mga tinutulungan, na ang itinutulong niya sa mga ito ay galing sa pangongotong na kinukuha niya sa kaniyang mga nahuhuling tsuper sa kalsada. Tama ba o Mali ang kilos ni Jimmy?

- a. Tama, dahil marami naman siyang natutulungan na nangangailangan.
- b. Mali, dahil hindi sa kaniya galing ang kaniyang itinutulong.
- c. Tama, dahil mabuti naman ang kaniyang panlabas na kilos.
- d. Mali, dahil kahit mabuti ang panlabas na kilos, nababalewala pa rin ang panloob na kilos

2. Isang araw habang wala sa bahay ang mga magulang ni Bren ay pumasok siya sa kanilang silid at kumuha ng 500 piso sa loob ng kabinet kung saan nakatago ang pera nila. Ang pagkuha ni Bren ng pera ay masama. Nadaragdagan ng panibagong kasamaan ang kaniyang ginawa dahil_____.

- a. kinuha niya ito nang walang paalam
- b. kinuha niya ito nang wala ang kaniyang mga magulang
- c. ang kinuhanan niya ng pera ay ang kaniyang mga magulang
- d. ang pagkuha niya ng pera ay hindi nagpakita ng pagrespeto.

3. May babae na nagustuhan at minahal si Alex ngunit ang babaeng ito ay mayroon ng asawa. Ngunit sa kabila nito, ipinagpatuloy pa rin niya ang kaniyang pagmamahal sa babae hanggang sa magkaroon sila ng relasyon. Ano kayang prinsipyo ang sumasakop sa sirkumstansiya ng kilos ang makikita sa sitwasyon?

- a. Ang sirkumstansiya ay maaaring makalikha ng kakaibang kilos ng mabuti o masama.
- b. Ang sirkumstansiya ay hindi maaaring gawing mabuti ang masama
- c. Ang sirkumstansiya ay maaaring gawin ang mabuting kilos na masama
- d. Ang sirkumstansiya ay maaaring lumikha ng mabuti o masamang kilos.

5. Kaarawan ni Mang Robert, nagpunta ang kaniyang mga kaibigan at sila ay nagsaya. Humiram sila ng videoke at sila ay nagkantahan hanggang umabot sila ng madaling-araw. Naiinis na ang kaniyang mga kapit-bahay dahil sa ingay na dulot nito. Ano kayang prinsipyo ang sumasakop sa sirkumstansiya ng kilos ang makikita rito?

6.

- a. Ang sirkumstansiya ay maaaring gawin ang mabuting kilos na masama.
- b. Ang sirkumstansiya ay maaaring makalikha ng kakaibang kilos ng mabuti o masama.
- c. Ang sirkumstansiya ay maaaring gawing mabuti ang masama.
- d. And sirkumstansiya ay lumikha ng mabuti o masamang kilos.

5. Mayroon kang mahabang pagsusulit ngunit hindi ka nakapag-aral dahil ginabi ka nang umuwi galing sa kaarawan ng iyong kaibigan. Nakikita mo ang sagot mula sa iyong katabi. Tama ba o mali na kopyahin mo ito?

- a. Tama, dahil hindi ko naman hiningi ang sagot, kusa ko naman itong nakita.
- b. Mali, dahil hindi ko dapat kopyahin nang walang paalam sa kaniya.
- c. Tama, dahil ang aking layunin ay makapasa sa pagsusulit.
- d. Mali, dahil kung ano lamang ang nalalaman ko ang dapat kong isulat na sagot sa pagsusulit.



Karagdagang Gawain



Kumusta, ilan kaya ang iyong nakuhang tama? Kung hindi umabot sa kalahati ang iyong nakuha magaling, dahil alam ko na may matutunan ka pang mas marami sa pagpapatuloy ng pag-aaral ng modyul na ito, kung mahigit kalahati pataas ay mas lalong magaling dahil nasa proseso kana ng mastery.

Ngayon ay nandito tayo sa panghuli nating gawain. Binabati kita sa iyong mahusay na ginawa at kasipagan.

Gawain 7

Punan ang matrix ayon sa hinihingi sa bawat kolum.

Mga Sitwasyon	Pagpapatunay ng kabutihan o kasamaan ng kilos batay sa layunin, paraan, sirkumstansiya, at kahihinatnan nito.	Pagtataya ng kabutihan o kasamaan ng kilos batay sa layunin, paraan, sirkumstansiya, at kalalabasan nito	Paliwanag
Halimbawa: Nagkasayahan kayo bilang selebrasyon sa kaarawan ng isang kaibigan mo, kaya inabot kayo ng gabi sa	Layunin: Magkasiyahan dahil sa pagdiriwang ng kaarawan ng kaibigan Paraan: Paggamit ng video	Layunin: Ang pagkakaroon ng kasiyahan ay bahagi ng isang pagdiriwang. Paraan: Hindi masama na gumamit ng videoke upang magkantahanngunit dapat	Ang pagkakaroon ng kasiyahan sa isang kaarawan ay hindi masama ngunit dapat makita ang mga

inyong bahay. Hindi pa rin kayo tumigil sa pagkanta gamit ang videoke kahit natutulog na ang inyong kapitbahay.	para magkantahan. Sirkumstansya: Paggamit ng videoke sa hating-gabi Kahihinatnan: Nakaabala ito sa mga tao na natutulog	na bigyan ito ng limitasyon. Sirkumstansya: Ang paggamit ng videoke sa hating-gabi ay hindi mabuting kilos. Kahihinatnan: Ang pagkaabala ng mga kapitbahay ay hindi mabuting resulta ng kantahan.	limitasyon ng kilos upang hindi makapinsala sa ibang tao na maging dahilan upang makaabala o makagalit sa kanila.
1. Niyaya ka ng iyong kamag-aral na huwag pumasok sa klase at pumunta sa computer shop upang maglaro nito			
2. Nangungulit ang iyong katabi na pakopyahin mo siya sa pagsusulit dahil maaari siyang bumagsak.			

Kraytiry	4	3	2	1
Paghinuha ng Batayang Konsepto	Nahinuha ang batayang konsepto nang hindi ginagabayan ng guro.	Nahinuha ang batayang konsepto nang may kaunting paggabay ng guro.	Nahinuha ang batayang konsepto ngunit kailangan ng labis na paggabay ng guro	Nahinuha ang batayang konsepto sa paggabay ng guro sa kabuuan nito.
Pagpapaliwanag ng konsepto	Malinaw na naipaliwanag ang lahat ng mahalagang konsepto.	May isang kosepto na hindi naipaliwanag	May dalawang konsepto na hindi naipaliwanag.	May tatlo o higit pang konsepto na hindi naipaliwanag.
Paggamit ng graphic organaizer	Nakalikha ng sariling graphic organizer na ginamit upang maibigay o maibahagi ang batayang konsepto.	Ginamit ang graphic organizer na nasa Modyul at maayos na naibigay ang batayang konseptong gamit ito.	Nakalikha ng sariling graphic organizer ngunit hindi malinaw na naibigay o naibahagi ang batayang konsepto na gamit ito.	Ginamit ang graphic organizer na nasa modyul ngunit hindi malinaw na naibigay o naibahagi ang batayang konsepto na gamit ito.



Susì sa Pagwawasto

Dito mo muling alamin ang iyong kawastuhan sa bawat Gawain na isinagawa. Na sa bahaging ito ay matutuklasan mo ang kaukulang puntos sa bawat paagsusumikap mo na magawa ang sa palagay mo nararapat. Kaya umaasa ako sa iyong katapatan sa bahaging ito, sa kabila ng mga pagwawasto na gagawin lamang ng iyong guro maliban sa subukin at tayahin.

Aralin 1																							
Subukin/Tayahin 15 Puntos	Tuklasin Gawain 1 (25 puntos) Nasa guro ang pagpapasya kung tama ang sagot.																						
<table border="0"> <tr> <td>A</td><td>B</td></tr> <tr> <td>1. C</td><td>1.Layunin</td></tr> <tr> <td>2. B</td><td>2.Ano</td></tr> <tr> <td>3. B</td><td>3.Nakataong-Kilos</td></tr> <tr> <td>4. A</td><td>4.Pagkatao</td></tr> <tr> <td>5. D</td><td>5.Paraan</td></tr> <tr> <td></td><td>6.Sino</td></tr> <tr> <td></td><td>7.Paano</td></tr> <tr> <td></td><td>8.Kahihinatan</td></tr> <tr> <td></td><td>9.Saan</td></tr> <tr> <td></td><td>10.Surkumsistanya</td></tr> </table>	A	B	1. C	1.Layunin	2. B	2.Ano	3. B	3.Nakataong-Kilos	4. A	4.Pagkatao	5. D	5.Paraan		6.Sino		7.Paano		8.Kahihinatan		9.Saan		10.Surkumsistanya	1. Ang pagwawasto ay base sa kasagutan ng magaaral 2. Ang pagwawasto ay base sa kasagutan ng magaaral
A	B																						
1. C	1.Layunin																						
2. B	2.Ano																						
3. B	3.Nakataong-Kilos																						
4. A	4.Pagkatao																						
5. D	5.Paraan																						
	6.Sino																						
	7.Paano																						
	8.Kahihinatan																						
	9.Saan																						
	10.Surkumsistanya																						
Isaisip	Pagyamanin 5 Aytem (15 Puntos)																						
Layunin, Sto. Tomas de Aquino, mabuti omasama, paraan at nararapat.	Nasa guro ang pagpapasya kung tama ang bawat sagot.																						
Isagawa	Karagdagang Gawain																						
Nakadepende sa guro ang pagmamarka.	Batay sa Krayterya ang basehan ng guro sa pagwawasto nito.																						

Aralin 2

Subukin/Tayahin

15 Puntos

Tuklasin

Gawain 1 (15 puntos) Nasa guro ang pagpapasya kungtama ang sagot.

1. D+Paliwanag
2. C - do -
3. A - do -
4. A - do -
5. D - do -

1.Ang pagwawasto ay base sa kasagutan ng magaaral

2.Ang pagwawasto ay base sa kasagutan ng magaaral

Isaisip

Pagyamanin

5 Aytem (15 Puntos)

Ang guro ang magpapasya kung tama ang sagot at may lagda ng magulang.

Nasa guro ang pagpapasya kung tama ang bawat sagot.

Isagawa

Nakadepende sa guro ang pagmamarka.

Sanggunian

Mga Aklat

Agapay, Ramon B. (2007) Ethics and the Filipino: A Manual on Morals for Students and Educators. Mandaluyong City: National Bookstore Inc. , hinango Hunyo 8, 2020

Kagawaran ng Edukasyon, (2014) Edukasyon sa Pagpapakatao 10 Modyul para sa Mag-aaral, hinango Hunyo 2020.

Montemayor, Felix M. (1994) Ethics the Philosophy of Life. Mandaluyong City: National Bookstore. , hinango Hunyo 8, 2020

Nery-Nabor, Maria Imelda P. (2010). Christian Morality and Ethics. Mandaluyong City: National Book Store, hinango Hunyo 8, 2020

Reyes, Ramon C. (2009). Ground and Norm of Morality: Ethics for College Students. Quezon City: ADMU Press. , hinango Hunyo 8, 2020

Simbajon Jr., Marvin Julian L. (2011). Ethics for Educators: A College Textbook for Teacher Education and Educators in All Areas of Discipline. Quezon City: C&E Publishing, Inc., hinango Hunyo 8, 2020

Mula sa Internet

Freepik "Free Vectors." Accessed June 16, 2020

School vector created by freepik - www.freepik.com, hinango Hunyo 8, 2020

https://www.google.com/search?q=Ang+Layunin,+Paraan,+Sirkumstansya,+at+Kahihinatnan+ng+Kilos&source=lnms&tbm=isch&sa=X&ved=2ahUKEwjBxOa0q93pAhWpL6YKHx17AbYQ_AUoAXoECAwQAw&biw=1366&bih=663#imgsrc=E2Dr46ZLF41IRM, hinango Hunyo 8, 2020

https://www.google.com/search?q=bordder&tbm=isch&ved=2ahUKEwjZgKu2q93pAhXKzIsBHTfmAuMQ2cCegQIABAA&oq=bordder&gs_lcp=CgNpbWcQAzICCAAYAggAMgYIABAKEBgyBggAEAoQGDIGCAAQChAYMgYIABAKEBgyBggAEAoQGDIGCAAQChAYMgYIABAKEBgyBggAEAoQGD0ECAAQZoECAAQHICqjVhY1JRYYPsXWGgAcAB4AIABxgOIAbcQkgEHMi00LjluMZgBAKABAaoBC2d3cy13aXotaW1n&sclient=img&ei=jjzTXtmBNMqZr7wPt8yLmA4&bih=663&biw=1366#imgsrc=6z3xdkdtJrV6kM, (2020) , hinango Hunyo 8, 2020

Mga Larawan, hinango sa:

Avatoon-Avatar Creator & Emoi Me (Version 1.1.7)
<https://www.bitmoi.com/app>. Hinango Hunyo 8, 2020

Para sa mga Tanong at Puna, maaari na sumulat o tumawag sa:

Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon X, Kawanihan ng mga Kaalaman

Office Address: Fortich Street, Sumpong, Malaybalay City

Telefax: (088) 813- 3634

E-mail Address: Bukidnon@deped.gov.ph

Website: www.Depedbukidnon.net.ph